Tagalog

Tube Feeding gamit ang Kangaroo Joey Pump: Saradong Sistema

Tube Feeding by Kangaroo Joey Pump: Closed System

Upang magsimula To start

Mangyaring ihanda ang **Iyong Tube Feeding Plan** na ibinigay ng iyong dietitian; magre-refer ka dito sa buong dokumento. Makakatulong kung papanoorin mo muna ang website videos na nasa katapusan ng dokumento upang maunawaan ang proseso.

Set Up Set Up

1. Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.
2. Ilagay ang supplies sa isang malinis na ibabaw.
   - Kangaroo™ Joey Pump
   - Formula
   - Kangaroo™ Joey Spike Set
   - 50 hanggang 60 mL Syringe
   - Room temperature na tubig na gagamitin para sa flushing
   - IV pole o hook para maisabit ang feeding set
3. I-check ang iyong feeding tube placement ayon sa instructions ng manufacturer o sa mga rekomendasyon ng iyong Health Care Provider.

Ihanda ang Feeding Set at Pump Prepare the Feeding Set and Pump

1. Ang formula ay dapat nasa room temperature.
2. I-check ang expiry date ng formula. Huwag gumamit ng expired formula.
3. Alugin nang husto ang bag ng formula.
4. Tanggalin ang kulay purple na takip ng port sa formula bag at ilagay ang formula bag sa isang malinis at patag na lugar. Tanggalin ang protective na takip mula sa spike set. Siguraduhing iwasan ang kontaminasyon. **Huwag hipuin ang port o spike.**
5. Habang hinahawakan ang base ng formula bag port, ipasok ang dulo ng spike sa port. Ikutin ang takip ng spike nang clockwise o pakanan hanggang ito'y nakakabit na nang husto.

6. Isabit ang formula bag sa IV pole. Para wastung-wasto ang pump, siguraduhin na ang top level ng formula sa bag ay mas mataas sa ibabaw ng pump nang 15 cm (6 inches).
7. Buksan ang kulay blue na pintuan ng pump upang i-load ang feeding set. Kunin ang thumb tab na nasa kulay puting ring valve at ipasok ito sa groove na naka-align sa bukasan sa kulay blue na pintuan. Paikutin ang malambot na soft silicone tubing sa itim na wheel at ilagay ang itim na ring retainer sa natitirang groove. Isara ang pintuan ng pump.
8. I-on ang pump sa pamamagitan ng pagpindot sa POWER button sa nasa ibabang sulok sa bandang kanan. Piliin ang KEEP SETTINGS para sa parehong feeding plan o CLEAR SETTINGS kung kailangan ng pagbabago.
9. Upang i-set ang pump rate, piliin ang ADJUST FEED at pagkatapos ang FEED RATE. Gamitin ang buttons sa kaliwa upang i-set ang rate (mL/hr) mula sa **Iyong Tube Feeding Plan** at pagkatapos ay piliin ang ENTER.
10. Upang i-set ang volume na kailangan (kung gaano karami ang formula), piliin ang FEED VTBD. Gamitin ang buttons sa kaliwa upang i-set ang volume (mL) mula sa **Iyong Tube Feeding Plan** at pagkatapos ay piliin ang ENTER.
11. Tanggalin ang takip mula sa dulo ng tube. Piliin ang PRIME PUMP at pagkatapos ay piliin ang AUTO PRIME upang punan ang tubing ng formula. Ang pump ay hihinto bago umabot ang formula sa dulo ng tubing. Pindutin ang HOLD TO PRIME FEED at i-hold hanggang ang formula ay umabot sa dulo ng tubing. Piliin ang DONE kapag tapos na.

Simulan ang Iyong Tube Feeding Start Your Tube Feeding



1. Umupo nang diretso. Siguraduhing ikaw ay 30 degrees man lamang na nakaupo habang nagtu-tube feeding. Huwag humiga.
2. I-flush ng tubig ang iyong tube alinsunod sa **Iyong Tube Feeding Plan**:
   a. Punan ang syringe ng tubig na nasa room temperature.
   b. Ikabit ang dulo ng syringe papasok sa feeding tube; siguraduhing ito'y hindi gumagalaw.
   c. Kung mayroon kang clamp sa iyong feeding tube, buksan ito. Itulak ang syringe plunger.
   d. Isara ang clamp, o kaya'y pisilin ang iyong tube at tanggalin ang syringe.

3. Tanggalin ang takip at punasan ang dulo ng feeding set gamit ang alcohol wipe bago mo ipasok ito sa iyong feeding tube.
4. Kung mayroon kang clamp sa iyong feeding tube, buksan ito.
5. Piliin ang RUN upang simulan ang iyong feeds.

Kapag Tapos na ang Iyong Tube Feeding When Your Tube Feeding is Done

1. Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.
2. I-off ang pump sa pamamagitan ng pagpindot sa POWER button nang 3 segundo.
3. Kung mayroon kang clamp sa iyong feeding tube, isara ito.
4. I-disconnect at punasan ang dulo ng feeding set gamit ang alcohol wipe bago mo isara ang takip sa iyong tube.
5. I-flush ng tubig ang iyong tube ayon sa **Iyong Tube Feeding Plan**.
6. Manatiling nakaupo nang diretso nang kahit 60 minuto man lamang pagkatapos ng bawat feed.

Paano Linisin at I-Store ang Iyong Tube Feed Supplies
How to Clean and Store Your Tube Feeding Supplies

Syringes Syringes

Gumamit ng isang syringe para sa water flushes at isang hiwalay na syringe para sa mga gamot. Pagtanggal-tanggalin ang syringes pagkatapos ng bawat paggamit at linisin ang mga ito gamit ang maligamgam na tubig na may sabon, at pagkatapos ay i-rinse o banlawan nang mabuti. Patuyuin sa hangin ang mga syringe sa pagitan ng bawat paggamit.

Ang syringes ay maaaring gamitin hanggang hindi na sila gumagana nang maayos. Itapon ang syringes kung sila ay may bitak o may sira.

Formula Formula

Ang mga hindi bukás na formula bags ay dapat itago sa isang tuyong lugar sa room temperature.

Para sa SpikeRight formula bags:

- Sundin ang manufacturer's guidelines para sa pagtago ng formula.
- Lagyan ng label ang formula at isulat ang petsa at oras kung kailan mo ito na-spike.
- Ang spiked formula bags ay maaaring iwanan sa room temperature nang hanggang 48 oras.
- Itapon ang anumang formula na natitira pagkatapos ng 48 oras.
- Itapon ang tubing set kasama ng formula bag pagkatapos ng 48 oras. Huwag gamitin muli ang tubing set.

Pump Pump

Babala: Laging siguraduhing **naka-off** ang pump at **naka-disconnect ang AC adapter** mula sa saksakan sa koryente bago linisin ang pump. **HUWAG ilubog ang pump o AC adapter sa tubig o sa ibang cleaning solution. HUWAG pagtanggal-tanggalin ang rotor. Pagkatapos linisin ang pump, HUWAG itong i-plug o gamitin hanggang hindi pa tuyo nang husto ang lahat ng komponente.**

Ang pump ay dapat linisin kapag may anumang tumapon na formula. Ang pump ay maaaring punasan ng maligamgam na tubig na may sabon (ordinaryong sabon para sa mga plato) at isang hindi magaspang na sponge o malambot na tela. Linisin nang husto gamit ang isang malinis na tela bago ito gamitin. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraan ng paglinis, tingnan ang Operator's Manual.

Para sa Karagdagang Impormasyon tungkol sa Paggamit ng Iyong Feeding Pump For More Information on Using Your Feeding Pump

Mangyaring bisitahin ang sumusunod na website sa:
https://www.cardinalhealth.ca/en/nutritional-delivery/kangaroo-educational-page/
O kaya'y i-access ang website gamit ang QR code na ito:

Making better decisions together with patients and families

Para sa mga karagdagang kopya, magpunta online sa **http://vch.eduhealth.ca** o mag-email sa **phem@vch.ca** at banggitin ang Catalogue No. **BB.210.H63.TG**
© Vancouver Coastal Health, Setyembre 2022

Ang impormasyon na nakasulat sa dokumentong ito ay sadyang para lamang sa táong binigyan nito ng health care team.
www.vch.ca

Mangyaring i-scan ang QR code na ito at ibigay ang iyong feedback tungkol sa kalidad ng translation.